1 Nasyonalidad・Walang nasyonalidad・Dalawahang nasyonalidad

Nasyonalidad: Kasapi ng isang bansa = May karapatang maging mamamayan ng bansa.

Walang nasyonalidad: Hindi kasapi ng kahit anong bansa.

Dalawahang nasyonalidad: Magkaroon ng higit pang dalawang nasyonalidad.

2 Pagtatamo ng nasyonalidad・Pagkawala ng nasyonalidad・Naturalisasyon

Pagtatamo ng nasyonalidad: Ito ay pagkakaroon ng karapatan bilang kasapi ng isang bansa sa pamamagitan ng kapanganakan at ng iba pang dahilan.

Pagkawala ng nasyonalidad: Ito ay pagkawala ng karapatan bilang kasapi ng isang bansa sa pamamagitan ng pagtalikod sa nasyonalidad o iba pang dahilan.

Naturalisasyon: Hiniling ng isang dayuhan ang nasyonalidad ng isang bansa at ipinahintulot ng nasyon na ibigay ang kanilang nasyonalidad.

3 Pahintulot na manirahan・Bisa・Pasaporte

Pahintulot na manirahan: Ito ay karapatan ng dayuhan upang manatili sa Hapon nang naaalinsunod sa batas.

Bisa: Ito ay kasulatan (Tatak) bilang tagubilin na kailangan ng dayuhan sa pagpasok sa bansa. Ipinagkakaloob ng Kinatawan ng dayuhang konsular sa Hapon.

Pasaporte: Ito ay opisyal na dokumento na ipinagkakaloob ng pamahalaang pambansa at ng iba pang ahensya para sa mga bansang dinadaanan o pinapanuluyan sa paglalakbay upang magbigay ng pagkakakilanlan ng pinagkalooban tulad ng nasyonalidad o iba pang bagay at upang humiling ng pangangalaga sa sariling mamamayan sa labas ng bansa.

4 Rehistro ng Pamilya・Kard ng residente・Kard ng pamamalagi・Sertipiko ng natatanging permanenteng residente

Rehistro ng pamilya: Ito ay tuntunin na irehistro ng bawa't pamilya ang kanilang kaugnayan sa isa't isa upang maliwanag na malaman ng pamahalaang Hapon ang pagkakakilanlan ng mamamayang Hapon.

Kard ng residente: Ito ay tuntuning irehistro ng bawa't pamilya ang mga bagay na may kaugnayan sa kanilang pagtira upang maliwanag na malaman ng pamahalaang Hapon ang kalagayan ng pagtira ng bawa't mamamayang Hapon, dayuhang naninirahan nang medyo matagal at matagal na at iba pa.

Kard ng pamamalagi: Ito ay kard na ipinagkakaloob upang patunayan ang pagkakakilanlan at

pamamalagi ng dayuhang naninirahan nang medyo matagal at matagal na (maliban sa mga natatanging permanenteng residente) at tungkulin itong dalhin at ipakita.

Sertipiko ng natatanging permanenteng residente: Ito ay kard na ipinagkakaloob upang patunayan ang pagkakakilanlan at pamamalagi ng tinatawag na Koreanong residente sa Hapon at iba pang natatanging permanenteng residente at tungkulin itong dalhin at ipakita.

5　Teknolohiya･Dalubhasa sa kaalamang pangtao･Gawaing pangdaigdig, Mataas na antas na mga propesyonal, Kasanayan, Pamamahala･Pangangasiwa

Teknolohiya･Dalubhasa sa kaalamang pangtao･Gawaing pangdaigdig: Ito ay pahintulot na manirahan para sa mga dayuhang nagtatrabaho sa larangan ng teknolohiya, dalubhasa sa kaalamang pangtao at gawaing pangdaigdig.

Mataas na antas na mga propesyonal: Ito ay bagong pahintulot na manirahan para sa mga may mataas na antas ng pagiging dalbuhasa.

Kasanayan: Ito ay pahintulot na manirahan para sa mga dayuhang nagtatrabaho na may mahusay at magaling na kasanayan.

Pamamahala･Pangangasiwa: Ito ay pahintulot na manirahan para sa mga namamahala ng kumpanya at nangangasiwa.

6　Asawa ng Hapon at iba pa･Permanenteng residente･Pangmatagalang residente･Natatanging permanenteng residente

Asawa ng Hapon at iba pa: Ito ay pahintulot na manirahan para sa mga dayuhang nag-asawa ng Hapon, mga dayuhang ipinanganak bilang anak ng Hapon, mga dayuhang inampon ng Hapon at wala nang legal na kaugnayan sa byolohikong pamilya.

Permanenteng residente: Ito ay pahintulot na manirahan na walang limitasyon sa panahon ng pananatili at sa aktibidad ng pamamalagi.

Pangmatagalang residente: Ito ay pahintulot na manirahan na pinapayagan sa mga may lahing Hapon at sa mga may natatanging dahilang isinaalang-alang.

Natatanging permanenteng residente: Ito ay pahintulot na manirahan para sa mga tinatawag na Koreanong residente sa Hapon at iba pa at mga inapo nila na walang limitasyon sa panahon ng pananatili at sa aktibidad ng pamamalagi.

7　Pag-aaral sa ibang bansa･Pagsasanay･Pagsasanay ng kakayanan･Tiyak na aktibidad

Pag-aaral sa ibang bansa: Ito ay pahintulot na manirahan para sa mga dayuhang nag-aaral sa

mababang paralan, gitnang paaralan, mataas na paaralan, unibersidad, paaralan ng wikang Hapon at iba pang paaralan.

Pagsasanay: Ito ay pahintulot na manirahan para sa mga dayuhang nag-aaral ng mga kurso sa pagsasanay lamang na walang praktikal na pagsasanay.

Pagsasanay ng kakayanan: Ito ay pahintulot na manirahan para sa mga dayuhang nagsasanay ng kakayanan at iba pa sa larangan ng industriya at trabaho ng Hapon at kailangan ng kontrata sa trabaho.

Tiyak na aktibidad: Ito ay pahintulot na manirahan para sa bawa't dayuhang itinalaga ng Ministro ng Katarungan para sa bawa't gawain.

8 Takas sa sariling bansa・Nagpapakupkop (nagnanais)・Imigrante

Takas sa sariling bansa: Ito ay tumakas sa pag-uusig sa sariling bansa at humihingi ng proteksyon sa ibang bansa.

Nagpapakupkop (nagnanais): Ito ay tumakas sa ibang bansa at humiling ng proteksyon at mga hindi pa pinapayagan nang opisyal bilang takas.

Imigrante: Ito ay mga lumipat mula sa ibang bansa at tumira sa bansang Hapon.

9 Sertipiko ng karapatang magtrabaho・Pahintulot ng aktibidad na labas sa karapatan

Sertipiko ng karapatang magtrabaho: Ito ay kasulatang nagpapatunay ng gawain sa trabahong magagawa ng dayuhang namamalagi sa Hapon.

Pahintulot ng aktibidad na labas sa karapatan: Ito ay pahintulot na kailangan pag gumawa ng gawain na labas sa orihinal na layunin ng pamamalagi.

10 Pagkuha ng pahintulot na manirahan・Pagbabago ng pahintulot na manirahan・Pagpapabago ng haba ng panahon ng pamamalagi

Pagkuha ng pahintulot na manirahan: Ito ay pagkuha ng panibagong anumang uri ng pahintulot na manirahan pag naging dayuhan matapos isuko ang nasyonalidad ng Hapon habang nananatili sa bansang Hapon, o pag ipinanganak ang dayuhan sa Hapon.

Pagpapabago ng uri ng pahintulot na manirahan: Ito ay pagpapabago ng kasalukuyang pahintulot na manirahan sa ibang uri ng pahintulot na manirahan.

Pagpapabago ng haba ng panahon ng pamamalagi: Ito ay pagpapahaba ng panahon ng pahintulot na manirahan na hindi mababago ang uri sa pagtatapos ng bisa ng kasalukuyang pahintulot na manirahan.

11 Deportasyon・Kautusan ng pag-alis・Pahintulot ng pag-alis at pagpasok na muli

Deportasyon: Ito ay sapilitang pagpapa-alis ng dayuhang naaangkop sa dahilan ng deportasyon sa labas ng bansa.

Kautusan ng pag-alis: Ito ay sistemang pauwiin sa sariling bansa ang isang dayuhan na hindi ikukulong pag kusang sumuko sa imigrasyon bago mahuli ang isang dayuhang nakapasa sa ilang mga batayan at humiling na siya'y umuwi nang hindi na sasama sa proseso ng deportasyon.

Pag-alis: Ito ay pag-alis ng isang dayuhan sa bansang Hapon matapos payagan siya ng opisyal ng imigrasyon.

Pahintulot ng pagpasok na muli: Ito ang pahintulot na kinakailangan ng dayuhang namamalagi sa Hapon at umalis ng bansa papuntang sariling bansa o ibang bansa na may pahintulot na manirahan bago umalis at bumalik na muli sa Hapon sa loob ng tiyak panahon.

12 Natatanging pahintulot na manirahan・Kahilingan para sa panibagong paglilitis

Natatanging pahintulot na manirahan: Ito ay panukalang payagang manatili nang bukod-tangi ang dayuhang nararapat na paalisin sa pamamagitan ng pasya ng Ministro ng katarungan.

Kahilingan para sa panibagong paglilitis: Ito ang pamamaraan ng paghiling sa Ministro ng katarungan upang muling suriin ang paghatol at hilingin ang natatanging pahintulot sa paninirahan sa paglitaw ng bagong pangyayari o iba pang dahilan para sa mga dayuhang binigyan na ng kautusan ng deportasyon.

13 Pagpipiyansa・Pansamantalang pagpapalaya

Pagpipiyansa: Ito ay pansamantalang pagpapalaya sa ilalim ng ilang kondisyon para sa akusadong kinasuhan habang siya'y nakakulong (pinigil) sa kasong kriminal.

Pansamantalang pagpapalaya: Ito ay pansamantalang pagpapalaya sa ilalim ng ilang kondisyon para sa nakakulong sa imigrasyon (pinigil).

14 Pulis・Taga-usig・Taga-kontrol na opisyal ng Imigrasyon・Opisyal ng Imigrasyon

Pulis: Sila ay mga lokal na opisyal o opisyal ng pamahalaan (mga kawani ng pulis) na may tungkuling pigilin at sumugpo ng mga krimen, magpapanatili ng pampublikong seguridad, at mag-imbestiga ng krimen. Ang pinakamalaking bilang ng mga pulis noong taong 2014 ay mga 280,000 sa buong bansa.

Taga-usig: Sila ay mga pangkalahatang kawani na opisyal ng pamahalaan na may tungkuling

mag-imbestiga ng mga krimen, magpasiya kung magsasampa ng kasong kriminal o hindi at magpapatunay ng krimen sa paglilitis matapos magsampa ng kaso at iba pa. Sila ay binubuo ng Punong abogado, katulong na direktor ng taga-usig, punong taga-usig, taga-usig, at pangalawang taga-usig. Ang bilang ng mga taga-usig noong taong 2014 ay mga 2,700 sa buong bansa.

Taga-kontrol na opisyal ng Imigrasyon: Sila ay mga tauhan ng pampublikong seguridad na opisyal ng pamahalaan (mga kawani ng Imigrasyon) na may tungkuling mag-imbestiga para sa pamamaraan ng deportasyon, maghuli, magpakulong, mangasiwa sa pasilidad ng detensyon, pagpapauwi at iba pa. Ang bilang ng mga taga-kontrol na opisyal ng Imigrasyon noong taong 2014 ay mga 1,500 sa buong bansa.

Opisyal ng Imigrasyon: Sila ay mga administratibong opisyal ng pamahalaan na may mataas na katungkulan. Sila ay may tungkuling magsuri sa pagpasok, pag-alis at pagtira sa bansa, maglitis sa pamamagitan ng pagtatanong sa pamamaraan ng deportasyon, at mag-imbestiga sa mga kasong may kaugnayan sa pagpapatibay na takas at iba pa (kawani ng Imgrasyon). Ang bilang ng opisyal ng Imigrasyon noong taong 2014 ay mga 2,000 sa buong bansa.

15　Pagdakip・Pag-antala・Pagpigil

Pagdakip: Upang maiwasan ang pagkasira ng mga ebidensiya o pagtakas, ito ang pamamaraan upang pigilin ang mga suspek ng ahensya ng nag-iimbestiga. Bukod sa mga karaniwang pag-dakip, may mga huli sa akto/di-tiyak na huli sa akto, at biglaang pag-aresto.

Pag-antala: Kasunod ng pagdakip pipigilin ang suspek upang maiwasan ang pagkasira ng mga ebidensiya o pagtakas ito ang pamamaraan upang pigilin ang suspek (Pagpigil bago demanda) at pipigilin pa pagkatapos din na siya ay mademanda (Pagpigil pagkatapos ng demanda).

Pagpigil: Ito ay isa sa 7 uri ng parusang pinapayagan sa Hapon na isang uri ng pagkabilanggo (ang parusang alisin ang kalayaan sa pamamagitan ng pagbilanggo). Mukhang katulad ito ng pag-antala, ngunit magkaiba. Puwede itong ipatupad hanggang 29 na araw at itinuturing ito na magaan na parusa sa Kodigo ng Parusa.

16　Pag-uusig・Hindi-pag-uusig・Pagpapaliban ng pag-uusig

Pag-uusig: Ito ang pagsasampa ng kasong kriminal ng taga-usig sa hukuman.

Hindi-pag-uusig: Ito ang pasya ng taga-usig na hindi pagsasampa ng kasong kriminal sa hukuman.

Pagpapaliban ng pag-uusig: Ito ay sa pamamagitan ng pasya ng taga-usig na hindi itutuloy ang pag-uusig sa mga kasong maaaring usigin. Ito ay isang uri ng hindi-pag-uusig.

17　Pinaghihinalaan・Nasasakdal・Akusado・Nahahabla・Biktima (ng Krimen)

Pinaghihinalaan: Siya ay iniimbestigahan dahil sa pinaghinalaan na suspek sa isang krimen ngunit hindi pa inuusig.

Nasasakdal: Ito ay salitang media at kasingkahulungan ng pinaghihinalaan na nakasulat sa itaas. Hindi ito isang termino ng Batas.

Akusado: Siya ang taong inuusig sa paglilitis ng krimen. Sa oras na sinampahan siya ng kaso ng taga-usig, magiging akusado ang pinaghihinalaan.

Nahahabla: Siya ang taong inihahabla sa kasong sibil. Sa salitang media maaari rin itong gamitin sa mga akusado ngunit sa mga Batas ito ay para lang sa mga inihahabla ng kasong sibil.

Biktima (ng Krimen): Siya ang ginawan ng isang krimen. Sa maluwak na kahulgan, ibig sabihin nito ang mismong taong ginawan ng isang krimen o ng katumbas ng isang krimen at kaniyang pamilya at naiwan na pamilya. Sa paglilitis ng krimen siya ay may tiyak na kalagayan bilang "biktima ng krimen (at iba pa)".

18　Abogado・Katulong・Namumunong abogado

Abogado: Siya ang may tungkuling magtanggol ng mga karapatan at mga interes ng pinaghihinalaan at inakusahan sa kasong kriminal.

Katulong: Sa kaso ng kabataan, siya ang may tungkuling magtanggol ng mga karapatan at mga interes ng kabataan.

Namumunong abogado: Siya ang abogadong isusugo ng mga lokal na asusasyon ng mga abogado sa lalong madaling panahon pag tinanggap nila ang hiling ng pagpapadala mula sa mga pinaghihinalaang pinipigil (dinakip, pinag-antala) o kaniyang kasama. Ito ay hindi pamamaraang legal kundi pamamaraang isinasagawa ng asusasyon ng mga abogado sa pamamagitan ng kanilang sariling plano at badyet.

19　Pagkakabilanggo・Probasyon

Pagkakabilanggo: Ito ang parusang agad na ipapatupad bilang tugon ng pagpaptunay ng paglilitis na may sala.

Probasyon: Matapos patunayan na may sala sa paglilitis hindi agad ipapatupad ang parusa kundi ipagpapaliban ang pagpapatupad ng parusa.

20　Pag-aasawa・Di-legal na pag-aasawa・Kasunduang pakasal

Pag-aasawa: Ito ay pagiging mag-asawa sa pamamagitan ng kasunduan ng lalaki at babae.

Di-legal na pag-aasawa: Ito ay katayuan na may balak mag-asawa at namumuhay bilang mag-asawa ngunit hindi pa dumaan sa legal na pamamaraan ng pag-aasawa (pag-aasawa sa pamamagitan ng karapatang ng mga tao).

Kasunduang pakasal: May kasunduang magpakasal sa darating na panahon.

21 Lehitimong anak・Ampon・Natatanging Ampon

Byolohikong anak: Siya ang anak na napatunayan sa pamamagitan ng batas na may byolohikong kaugnayan ang mag-anak.

Ampon: Siya ang nakatanggap ng katayuan bilang lehitimong anak sa pamamagitan ng pag-aampon.

Natatanging ampon: Siya ang naging ampon sa pamamagitan ng pagpapasya ng Hukuman ng Pamilya matapos putulin ang kaugnayan sa byolohikong mga magulang para sa benepisyo ng anak na 6 taong gulang pababa.

22 Lehitimong anak・Anak sa labas

Lehitimong Anak: Siya ang anak na ipinanganak sa pagitan ng legal na mag-asawa.

Anak sa labas: Siya ang anak na ipinanganak sa pagitan ng nagsasamang di pa kasal.

23 Diborsyong pinagkasunduan・Diborsyo sa arbitrasyon・Diborsyo sa paghuhukom・Diborsyo sa korte

Diborsyong pinagkasunduan: Ito ang diborsyong itinatagsa pamamagitan ng pagpapalabas ng isang abiso sa batayan ng pinagkasunduan ng mag-asawa.

Diborsyo sa arbitrasyon: Ito ang diborsyong itinatag sa pamamagitan ng arbitrasyon ng Hukuman ng Pamilya.

Diborsyo sa paghuhukom: Ito ay diborsyong itinatag sa pamamagitan ng paghuhukom sa halip ng arbitrasyon kapag napagpasyahan na ito ay naangkop na mangyari sa oras na hindi naitatag ang diborsyo sa pamamagitan ng arbitrasyon ng Hukuman ng Pamilya.

Diborsyo sa korte: Ito ang diborsyong itinatag sa pamamagitan ng pasya ng korte.

24 Karapatan ng magulang・Karapatan ng pag-iingat

Karapatan ng mga magulang: Ito ay pangkalahatang pangalan para sa karapatan sa pag-iingat ng mga magulang (karapatan sa edukasyon, karapatan sa pagpapasya ng paninirahan, karapatan sa

pagdidisiplina) at kanilang karapatan at obligasyon sa pangangasiwa ng ari-arian para sa mga menor de edad na anak.

Karapatang ng pag-iingat: Ito ay karapatan at obligasyon ng mga magulang sa pangangasiwa, pangangalaga at pagtuturo sa anak. Ito ay isang bahagi ng karapatan ng mga magulang.

25 Pangtustos sa anak・Gastos ng pag-aasawa

Pangtostos sa anak: Ito ang pangtustos na kailangan upang palakihin ang "anak na hindi pa kayang buhayin ang sarili" (walang kaugnayan kung nasa hustong edad siya o hindi, sila ay mga anak na hindi pa nakakapagsarili ukol sa pananalapi). Ito ay isang bahagi ng gastos ng pag-aasawa habang kasal pa ang mag-asawa, ngunit pagkatapos ng diborsyo ito ay hahatiin (ng dating mag-asawa).

Gastos ng pag-aasawa: Ito ang gastos na kinakailangan ng mag-asawa upang mamuhay bilang isang pamilya habang sila'y mag-asawa. Kabilang dito ang gastos para sa pagkain, damit at tirahan, ang gastos pangmedikal, ang gastos panglibangan, ang gastos para sa pagpapalaki sa anak at gastos pang-edukasyon para sa mga anak na hindi pa kayang buhayin ang sarili, at magtutulungan ang mag-asawa upang ito'y tostusan.

26 Bayad-aliw・Pagbabahagi ng ari-arian

Bayad-aliw: Ito ang danyos na babayaran para sa pinsalang pangkaisipan. Sa kasong diborsyo, ito ang danyos na babayaran sa pinsalang pangkaisipang natanggap sa pamamagitan ng gawang naging sanhi ng diborsyo o pagkawasak mismo ng pag-aasawa.

Pagbabahagi ng ari-arian: Ito ay pagbabahagi (paghahati) ng ari-ariang itinaguyod habang mag-asawa pa ang mag-asawa sa oras ng pagdidiborsyo.

27 Pamana・Testamento・Legal na bahaging nakalaan

Pamana: Ito ay pagpapamana ng katayuan ukol sa ari-arian sa tagapagmana sa oras na pumanaw ang isang tao.

Testamento: Ito ang paghahayag ng kagustuhan tungkol sa paghawak ng ari-arian at posisyon bago pumanaw ang isang tao.

Legal na bahaging nakalaan: Ito ay pinakamaliit na nakalaan ayon sa batas para sa mga legal na tagapagmana (hindi kasama ang mga magkakapatid) kahit anuman ang laman ng testamento.

28 Permanenteng sintomas・Kapansanang natira・Kitang nawala

Permanenteng sintomas: Ito ay kalagayan ng hindi na gagaling ang pinsalang natamo sa aksidente o insidente kahit ipagtutuloy ang paggamot.

Kapansanang natira: Ito ang pinsalang naiwan pagkatapos naging permanente ang sintomas.

Kitang nawala: Ito ay pinansyal na benepisyong maaaring makuha ng biktima kapag hindi nagka-aksidente o nagka-insidente.

29 Bangkarote・Hapay

Bangkarote: Ito ang kalagayan na hindi na maipagpatuloy ng isang tao o ng korporasyon ang pang-ekonomiyang aktibidad dahil sa pang-ekonomiyang pagbaksak at nahihirapang bayaran ang utang.

Hapay: Sa malawak na kahulugan ito ay katulad ng bangkarote. Sa makitid na kahulugan, ito ay isang pamamaraang may layon na bayaran nang makatarungan ng lahat ng ari-arian ang lahat ng pinagkakautangan bilang tugon sa pasya ng Hukuman sa pagsisimula ng pamamaraan ng bangkarote na batay sa batas ng bangkarote.

30 Kontrata sa pagtatrabaho

Kontrata sa pagtatrabaho: Sa pangkalahatan, ito ay pangako o kontrata sa pagitan ng kumpanya at nagtatrabaho dito. Itinatakda ang sahod, pinagtatrabahuhang lugar, panahon ng pagtatrabaho at iba pang mga kondisyon.

31 Pangongontrata・Pagkakatiwala・Pagpapadala

Pangongontrata: Ito ay isang kontrata upang tapusin ang itinakdang trabaho hanggang sa itinakdang araw. Sa kontrata ang pinagkatiwalaan ng trabaho ay may kalayaang pumili ng manggagawa, magpasya ng paraan ng pagsasagawa at iba pang bagay.

Pagkakatiwala: Ito ay pinagkakasunduang kontrata sa pagitan ng nagkakatiwala sa pagtatapos ng isang negosyo at iba pang trabaho ("tagapagpadala") at tumatangap ng trabahong ipagkakatiwala ("tagapangasiwa").

Pagpapadala: Ito ay kontrata kung saan inuupahan ng kumpanya at iba pang ahensya bilang "dispatsador" ang mga manggagawang may tiyak na kasanayan at ipapadala ang mga manggagawa sa mga kumpanya at ibang mga ahensyang nangangailangn nito ("pagdadaluhan ng manggagawa") at magtatrabaho ang mga manggagawa ayon sa mando ng pinaggagawaang kumpanya.

32 Pagreretiro・Pagpapaalis・Pagtatapos ng kontrata

Pagreretiro: Ito ay pag-alis ng manggagawa sa pinagtatrabahuhan sa sariling pasya.

Pagpapaalis: Ito ay pagpapaalis ng may pagawa sa mga manggagawa nang sarilinan.

Pagtatapos ng kontrata: Kung may takdang panahon ang kontrata ng trabaho tulad ng 6 na buwan o 1 taon sa pagitan ng manggagawa at may pagawa, ito ay pagtatanggi ng may pagawa sa pagbabago ng kontrata ng trabaho matapos mawalan ng bisa ang kontrata.

33 Pagsisimula ng negosyo

Pagsisimula ng negosyo: Ito ay pagsisimula ng bagong negosyo. May paraan ng pagpapatayo ng kumpanya at may paraan ng pagnenegosyo bilang pribadong negasyo. Kapag magsisimula ng negosyo ang mga dayuhan, kung permanenteng residente at iba pa ang kaniyang pahintulot na manirahan, walang limitasyon, maliban sa mga ito ay may tiyak na mga limitasyon.

34 Buwis sa kinita・Buwis ng residente・Huling balik buwis sa kinita

Buwis sa kinita: Ito ay pambansang buwis na ipinapataw sa taunang kita (kita, tubo) ng indibidwal. Ayon sa halaga ng kinita itinatakda ang porsiyento ng buwis.

Buwis ng residente: Ito ay pangkalahatang pangalan ng buwis ng mamamayan ng bayan at buwis ng mamamayan ng probinsya at lokal na buwis na sinusuri at sinisingil ng bayan. Sisingilin ito batay sa tinitirahan sa ika-isa ng Enero bawa't taon.

Huling balik buwis sa kinita: Ito ay pamamaraang gagawin ng mga tumatanggap ng sahod at iba pa sa oras ng paghahayag at pagbabayad ng buwis. Ayon sa panuntunan ay dapat isumite ang Huling balik buwis sa kinita ng taong ito sa tanggapan ng buwis sa pagitan ng ika-16 ng Pebrero ng susunod na taon.

35 Seguro ng trabaho

Seguro ng trabaho: Ito ang pamamaraang babayaran ang manggagawa ng kumpanya sa loob ng tiyak na panahon sa oras na siya'y nawalan ng trabaho o nagretiro. Para dito ang mga manggagawa ay magbabayad ng seguro habang siya'y may trabaho.

36 Seguro ng kabayaran sa aksidente ng manggagawa

Seguro ng kabayaran sa aksidente ng manggagawa: Ito ay pamamaraang magbayad ang pambansang pamahalaan ng pagpapagamot ng manggagawa sa oras na napinsala sa oras ng trabaho, nagkasakit dahil sa trabaho o napinsala habang papasok sa trabaho o pauwi mula sa

trabaho ang isang manggagawa. Sa panahon na walang kita dahil hindi nakakapagtrabaho ang isang manggagawa, ang pamahalaan ang magbabayad ng tiyak na halaga.

37 Seguro ng kalusugan · Pensyon

Seguro ng kalusugan: Ito ay pambansang pamamaraang makapagpagamot ang manggagawa sa halagang 10% o 30% ng kabuuang gastos sa pagpapagamot sa oras na nagkasakit o nagkapinsala siya o ang kaniyang kaanak. Ang mga manggagawa ng kumpanya o iba pang ahensya (ang mga di-permanenteng manggagawa rin kapag nakaabot siya sa tiyak na kondisyon) ay puwedeng maging nakaseguro.

Pensyon: Ito ay pamamaraang makakuha ng seguridad sa pagtanda at panglipunang seguridad sa oras ng napinsala o kamatayan. Sumali ang mga taong umabot sa 20 taong gulang pataas sa (Panbansang pension), pag may trabaho sa isang kumpanya sa (Pensyong pangkapakanan ng manggagawa).

38 Proteksyon ng kabuhayan · Pang-lipunang sustento

Proteksyon ng kabuhayan: Ito ay pamamaraang magbigay ng suporta ang pamahalaan upang makapagsarili ang bawa't mamamayan sa pamamagitan ng pagsisiguro sa pinakamababang pamumuhay ayon sa antas ng kahirapan ng bawa't mamamayan.

Panglipunang sustento: Ito ay pamamaraang bayaran ang mamamayan ayon sa ilang tiyak na kalagayan tulad ng kita, edad, pinsala, kalagayan ng pamilya at iba pa.

39 Sapilitang edukasyon · Edad na dapat mag-aral · Paglilipat · Pagsasama

Sapilitang edukasyon: Ito ay pangkalahatang edukasyong matanggap nang libre mula sa edad na 6 hanggang edad na 15. Ayon sa Konstitusyon at Batas, ang bawa't mamamayan ay may obligasyong magbigay ng edukasyon sa anak na nasa kaniyang pangangalaga.

Edad na dapat mag-aral: Ito ay edad ng mga batang tumatanggap ng sapilitang edukasyon. Sa kasalukuyan mula edad na 6 hanggang edad na 15 sa Hapon.

Paglilipat: Ito ay paglilipat ng paaralan mula sa ibang paralan (Kinder, Mababang paaralan, Gitnang paaralan, Mataas na paaralan, Pangalawang paaralan, Natatanging paaralan, Kolehiyo, Paaralang bokasyonal) sa gitna ng kurso.

Pagsasama: Ito ay paglilipat ng paaralan ng Hapon mula sa paaralan sa ibang bansa o mula sa paaralan ng dayuhan sa loob ng bansa sa gitna ng kurso.

40 Pamamatnubay para masanay・Pamamatnubay para sa wikang Hapon・Suporta sa katutubong wika

Pamamatnubay para masanay: Ito ay pamamatnubay o suportang may layon na makasanay ang mga batang may kaugnayan sa ibang bansa sa pamumuhay sa paaralang Hapon at sa mga kasanayang Hapon.

Pamamatnubay sa wikang Hapon: Ito ay pamamatnubay o suportang magturo ng wikang Hapon sa mga batang may kaugnayan sa ibang bansa upang makapamuhay sila sa paaralan at makapag-aral gamit ang wikang Hapon.

Suporta sa katutubong wika: Ito ay suportang ibibigay sa mga batang may kaugnayan sa ibang bansa upang hindi nila makalimutan ang sarili nilang wika at kultura.

41 Pagpasok sa Mataas na paaralan・Pagpasok sa Kolehiyo・Natatanging panukala sa pagsusuri sa pagpasok・Natatanging balangkas sa pagsusuri ng pagpasok

Pagpasok sa Mataas na paaralan: Ayon sa pangkalahatang panuntunan, may karapatang pumasok sa mataas na paaralan ang mga batang edad 15 pataas at nakapagtapos ng gitnang paaralan o itinuring na nakaabot sa pareho o mas mataas na antas sa pamamagitan ng pagpili ng kukuha ng pagsusuri sa pagpasok sa mataas na paaralan.

Pagpasok sa Kolehiyo: Ayon sa pangkalahatang panuntunan, may karapatang pumasok sa kolehiyo ang mga batang nakapagtapos ng mataas na paaralan o itinuring na nakaabot sa pareho o mas mataas na antas sa pamamagitan ng pagpili ng kukuha ng pagsusuri sa pagpasok sa kolehiyo.

Natatanging panukala sa pagsusuri ng pagpasok: Ito ay tiyak na panukalang ilapat sa pagsusuri ng pagpasok sa mataas na paaralan para sa mga batang may kaugnayan sa ibang bansa upang mabawasan ang sagabal ng wika.

Natatanging balangkas sa pagsusuri ng pagpasok: Ito ay mga puwesto para sa mga batang may kaugnayan sa ibang bansa kung saan makakakuha sila ng naiibang pagsusuri. Isinasagawa ito sa ilang mga mataas na paaralan at mga kolehiyo.

42 Paaralan ng mga dayuhan・Pangdaigdigang paaralan・Katutubong Paaralan

Paaralan ng mga dayuhan: Ito ay pangkalahatang pangalan sa mga institusyong pangedukasyon higit sa lahat para sa mga batang may kaugnayan sa ibang bansa.

Pangdaigdigang paaralan: Sa mga paaralan ng mga dayuhan, ito ang institusyon kung saan ang Ingles ang pangunahing wika sa pagtuturo.

Katutubong paaralan: Sa mga paaralan ng mga dayuhan, ito ang institusyon kung saan ang

edukasyon ng isang katutubo o bansa ay itinuturo. Tinatawag din itong nasyonal skul (pambansang paaralan).

43 Ospital para sa pangmedikal na proteksyon・Ospital bilang hakbang pangkaligtasan

Ito ay parehong sapilitang paospital para sa mga may sakit pangkaisipan na kailangang maospital ngunit hindi sumang-ayon ang may sakit sa pagpapaospital. Ang ospital para sa pangmedikal na proteksyon ay isasagawa ayon sa pagsang-ayon ng kaanak, tagapag-alaga o iba pa. Ang ospital bilang hakbang pangkaligtasan ay isasagawa pag may nakitaang panganib na masaktan ang maysakit o ibang tao. Nangangailangan ng pareho ng pagsusuri ng itinalagang manggagamot para sa kalusugang pangkaisipan.

44 Departamento ng Saykayatrya (Departamento ng Neurolohiya)・Departamento ng saykosomatikang paggamot・Departamento ng Neurolohikang paggamot・Departamento ng Neurosiruhiya

Departamento ng Saykayatrya (Departamento ng Neurolohiya): Ito ay departamento kung saan ginagamot ang sakit na pangkaisipan.

Departamento ng saykosomatikang paggamot: Ito ang departamento kung saan ginagamot ang saykosomatikang karamdaman at ginagamot din ang may kaunting depresyon.

Departamento ng Neurolohikang paggamot: Ito ang departamento kung saan ginagamot ang sakit na may kaugnayan sa utak at ugat tulad ng impeksyon sa utak, impeksyon sa ugat at iba pa.

Departamento ng Neurosiruhiya: Ito ay departamento kung saan ginagamot ang sakit sa bahagi ng ulo tulad ng pinsala sa ulo, atake serebral at iba pa.

45 Sakit pangkaisipan・Neurosis

Sakit pangkaisipan: Noong sinaunang panahon tinatawag itong baliw at nangangahulungan ito ng kalagayang wala sa tamang kundisyong pangkaisipan. Mabibilang ang skisoprenya at diperensiyang bipolar bilang tipikong sakit dito.

Neurosis: Ito ay kalagayang magkaroon ng patuloy na di-karaniwang sintomas na pangkaisipan o pangpisikal dahil sa pagkabalisa.

46 Aberasyon・Intelektwal na kapansanan・Diperensiya ng pag-unlad

Aberasyon: Tumutukoy ito sa pangkalahatang sakit ng isip at kabilang din dito ang intelektwal na kapansanan at diperensiya ng pag-unlad.

Intelektwal na kapansanan: Hindi husto ang pag-unlad ng katalinuhan at 70 pababa ang IQ (antas ng katalinuhan).
Diperensiya ng pag-unlad: May malaganap na uri tulad ng autismo at Asperger sindrom at may espesyal na uri tulad ng diperensiya ng pag-unlad sa wika.

47　DV (Domestikong karahasan)・Karahasang sekswal
DV: Ito ay karahasan sa tahanan. Ito ay isang uri ng abusong natatanggap mula sa kapamilya o kasama sa isang bahay na hindi ito nagdedepende sa edad, nasyonalidad, kasarian, kapansanan, kalagayang pinansyal, lugar o uri ng pamumuhay.
Karahasang sekswal: Ito ay pagpipilit ng sekswal na pag-uugali na taliwas sa kagustuhan ng kasama at kahit tinaggihan ng kasama ipipilit ito nang hayag o pahiwatig lamang, at idudulot nito sa kasama ang tiyak na pinsalang pangkaisipan o pinsala sa kaniyang buhay.

48　Sekswal na abuso・Abuso sa mga bata・Pang-aapi
Sekswal na abuso: Ito ay pisikal na gawaing kriminal tulad na panggagahasa at sekswal na paghahalay, panliligalig sa pamamagitan ng mga malalaswang pananalita, pagbuntot nang lihim, at mga gawain upang magkaroon ng sekswal na kasiyahan na walang pagsang-ayon ng kasama.
Abuso sa mga bata: Ito ay mga karahasang pisikal o sekswal, pagpapabaya (Pagpapabaya sa pagpapalaki, Pagpapabaya sa pangangalaga) at mga abusong pangkaisipan.
Pang-aapi: Ito ay mga agresibong gawaing makakapinsala sa dignidad, dangal ng tao at pagtitiwala ng tao sa iba. Hindi mahalaga kung ito man ay direktang ginawa o hindi, hayag na ginawa o lihim na ginawa, ginawa ng isang tao o ng isang grupo.

49　Pagkaunawang ipinagbigay-alam (Informed Concept)
Pagkaunawang ipinagbigay-alam: Maisasalin ito bilang "Pagsang-ayon matapos bigyan ng paliwanag". Ito ay pagsang-ayon ng pasyente sa sarili niyang kagustuhan na gamutin siya ng manggagamot matapos bigyan siya ng sapat na paliwanag bago siya gamutin.

50　Pagkabigla sa kultura・Stress/Tensyon sa iba't ibang kultura
Pagkabigla sa kultura: Ito ay sikolohikal na pagkabigla o pagkalito na natatanggap sa oras na nakita o naranasan ang iba't ibang kultura dahil sa malaking pagkakaiba ng kasanayan o paraan ng pag-iisip sa kaniyang sariling kultura.
Tensyon sa iba't ibang kultura: Ito ay tensyon na nararamdaman kapag nanirahan sa ibang kultura

o nakasalubong ang iba't ibang kultura. Maaari itong idinulot ng paglipat sa ibang bansa, pandaigdigang pag-aasawa, paglipat ng trabaho sa ibang bansa, pag-aaral sa ibang bansa, paglalakbay sa ibang bansa at iba pa.

*Ang mga dapat malaman! Mga pangunahing kaalaman para sa konsultasyon sa mga dayuhan*
Pinangasiwaan nina Michiko Sugisawa・Sosuke Seki・Yu Abe (2015), Shohakusha Publishing Co.
Ikatlong bahagi: Ang 50 na mga tinalakay na dapat malaman na isinalin lamang ang bahagi ng pangkalahatang-ideya